

Angeles City

Advisory



Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Visayas
Lungsod Iloilo, Telefax (033) 3370550
Email adres: upvswf@yahoo.com

RECEIVED
ANGELAS CITY SCHOOLS
ANGELAS CITY
11:19 am
2-6-15

08 Enero 2015

Regional Director
DepEd Region III
San Fernando, Pampanga
Tel. no (045) 961-7825; 860-5212; 455-2311

Mahal na Director:

Malipayon nga bag-ong tuig mula sa UPV Sentro ng Wikang Filipino!

Ang Unibersidad ng Pilipinas Visayas, Sentro ng Wikang Filipino ay magtataguyod ng Pandaigdigang Kumperensya-Workshop na may pamagat na "Pandaigdig na kumperensiya-workshop sa Pagplanong Pangwika/Wikang Pang-edukasyon/Wika sa Pananaliksik/Elaborasyon ng Wika" (International Conference Workshop on Language Planning/Language Education/Language Research/Language Elaboration) na gaganapin sa 14-16 Mayo 2015 sa Faith Village Conference Center, Boracay, Aklan.

Layunin ng pandaigdigang kumperensiya na makapagbigay ng multi-linguwal na plataporma para sa presentasyon at diskusiyon ng mga napapanahong pagdulog/trends sa Pagplanong Pangwika/Wikang Pang-edukasyon/Wika sa Pananaliksik/Elaborasyon ng Wika sa kaligiran ng akademya at oportunidad para sa pagtitipon ng mga eksperto, guro at estudyante tungo sa pagpapalago ng akademya.

Kaugnay nito, malugod po naming iniimbata ang mga eksperto sa wika, Filipino man o banyaga, na magbasa ng papel. Ang petsa sa pagsumite ng papel, English o Filipino: 10 Pebrero 2015 (abstract); 10 Marso 2015 (Full Paper). Kalakip po ang poster para sa iba pang mga detalye ng kumperensiya. Inaanyahan din po namin ang inyong mga titser, superbisor, instraktor at propesor sa Filipino, panitikan, mga nagtuturo ng Mass Media, Humanidades at Agham Panlipunan at English at mga gradwadong estudyante, banyaga at Filipino na dumalo sa pandaigdigang kumperensiya. Ang registration fee na P5000.00 (lokal), US\$150 (banyaga) at P3000.00 (graduate student) ay para sa seminar kit, bag at pagkain (3 araw na meryenda at pananghalian).

Para sa kumpirmasyon ng inyong pagdalo, maaari pong makipag-ugnayan kay: Prof. Jose Julie E. Ramirez, Program Direktor, Tel. blg - (033) 337-0550, smart-09302318716, 09209017427, globe-09178246935 at email address: upvswf@yahoo.com.

Inaasahan po namin ang inyong paglahok sa gawaing ito.

Sumasainyo,

PROF. JOSE JULIE E. RAMIREZ
Program Direktor
UPV SWF Pangkalahatang Tagapag-ugnay

Division Advisory No. 14, s. 2015

This **ADVISORY** is issued for the information of the Schools, Officials and Personnel. Strict compliance with Regional Memorandum No.130,s. 2014 is hereby enjoined, citing item nos. 1 to 5, requiring the schools to evaluate said programs/projects.

DR. NICOLAS T. CAPULONG, CESO VI
Schools Division Superintendent